JANUARY
Makugihon
FEBRUARY
Mahigugmaon
MARCH
Matinabangon
APRIL
Matinahuron
MAY
Mahapsay og Malimpyo
JUNE
Maabtik og Masunod sa Hustong Oras
JULY
Maantigo og Maabilidad
AUGUST
Maginhunahunaon para sa Uban
SEPTEMBER
Madaginoton
OCTOBER
Matinud-anon
NOVEMBER
Masaligan
DECEMBER
Maalampuon

Republic of the Philippines
Department of Education
Regional Office IX, Zamboanga Peninsula

Zest for
Zeal of

5

# Edukasyon sa Pagpapakatao

## Ika-apat na Markahan – Modyul 7:
## Pasasalamat sa Diyos, Pahahalagahan Ko



**Pangalan ng Mag-aaral:**________________________________

**Baitang at Seksyon:**__________________________________

**Paaralan:**____________________________________________



## Alamin

Magandang buhay sa mga masisipag at ulirang mga mag-aaral!

Maitanong ko lang. Nasubukan mo na bang magpasalamat? Gaano kadalas mo ito ginagawa? Nagpapasalamat ka na ba sa Diyos sa buhay na tinatahak mo ngayon? Naipapasalamat mo rin ba ang mga pagsubok at problema na iyong natamasa?

Iyan ay ilan lamang sa mga katanungang minsan ay pumapasok sa ating isipan. Sa modyul na ito ay bibigyang linaw natin ang kahalagahan ng pagbibigay pasasalamat sa Poong Maykapal at kung ano-anong mga bagay ang nararapat nating pasasalamatan.



By JustMEinT Musings | Published December 23, 2012 | Full size is × pixels
https://justmeintchristian.wordpress.com/2012/12/23/not-only-christmas-day/praying_hands/

**Kasanayang Pampagkatuto:**

Napahahalagahan ang mga biyayang bigay ng Diyos sa pamamagitan ng pagbibigay pasasalamat.

**EsP5PD-IVe-i-15**

Modyul 7

# Pasasalamat sa Diyos, Pahahalagahan Ko



## Subukin

**Panuto:** Basahin at unawaing mabuti ang mga katanungan. Bilugan ang titik ng tamang sagot.

1. Ano nga ba ang "**pasasalamat"**?

   A. Ito ay isang paraan ng pagbabayad sa mga magagandang bagay na natanggap.

   B. Ito ay isang ekspresyon o paraan ng pagbibigay halaga sa mga biyayang natamo.

   C. Ito ay isang paraan upang magkunwaring ipakita sa iba ang iyong kabutihan.

   D. Lahat ng nabanggit sa itaas ay tama.

2. Ang pasasalamat sa Diyos ay isang ______________ na alituntunin.

   A. banal  B. walang halaga  C. masama  D. di-mabuti

3. Alin ang tanda ng isang taong nagpapasalamat sa Diyos?

   A. Nag-aaral nang mabuti si Jessa para makakuha ng matataas na marka.

   B. Laging nagpapasalamat si Peter sa Diyos kahit labag sa kanyang kalooban.

   C. Sa kabila ng hirap ng buhay nina Nene ay patuloy pa rin siyang nanampalataya at nagpapasalamat sa Diyos.

   D. Nagsisimba at nagpapasalamat lamang si Marie kung kaarawan niya.

4. Ang taong marunong magpasalamat sa Panginoon ay nangangahulugang _______?

   A. mabait kapag may natatanggap na pabor.

   B. masunurin sa utos ng nakatatanda.

   C. marunong magpahalaga sa lahat ng biyayang ipinagkaloob ng Diyos.

   D. marunong mag post sa facebook kung may biyayang natanggap.

5. Bakit mahalagang magpasalamat sa Diyos?

A. para palagi tayong bigyan ng mas maraming biyaya

B. upang madaling dinggin at sagutin ng Panginoon ang ating mga hinihingi

C. para hindi tayo maparusahan sa ating mga kasalanan

D. upang mas mapalalim ang ating relasyon at pananalig sa Diyos



## Balikan

Sa nagdaang modyul, natutunan mo ang iba't-ibang paraan kung paano tayo nakapagpapasalamat sa Diyos. Sa gawaing ito, susubukin nating muli ang iyong natutunan sa nagdaang aralin.

**Panuto:** Gumuhit ng hugis puso kung ang pahayag ay nagsasaad ng paraan ng pagbibigay pasasalamat sa Diyos at gumuhit naman ng tatsulok kung hindi.

_________1. Taimtim na pagdarasal sa Panginoon.

_________2. Pagbibigay halaga at pasasalamat sa lahat ng biyayang natanggap, malaki man o maliit.

_________3. Dahil sa hindi makakadalo, magbibigay na lamang ng malaking halaga ng salapi sa oras ng pag-aalay ng gawaing pangkalinisan sa simbahan.

_________4. Pagtulong sa kapwa at paggawa ng kabutihan sa iba.

_________5. Pakikilahok sa mga gawaing may kinalaman sa simbahan tulad ng Fellowship at paglalaan ng oras at panahon sa pagsisimba.



# Tuklasin

**Gawain:** Basahin ang maikling tula at sagutan ang mga katanungan.

## Salamat sa Iyo

ni: ANABEL L. KIMOS

Hindi sapat ang salitang salamat
Sa kagandahan ng buhay ng iyong ipinamulat
Sa walang humpay na biyayang isiniwalat
Sa iyong mga mata'y pantay-pantay kaming lahat.



Nararapat lamang na ika'y pasalamatan
Sa iyong pag-ibig at kabutihang di-mapapantayan
Kaya't paggawa ng kabutihan sa karamihan
Ang naiisip kong paraan para iyon ay matumbasan.

Salamat, salamat, Mahal kong Panginoon
Pahahalagahan ko lahat ng iyong alay noon man o ngayon
Ilalaan ko sayo ang aking buhay at panahon
Matumbasan ko lamang lahat ng iyong bigay ngayon.

Illustrated by O.A. Stemler Jesus with Children
Standard Bible Story Readers Book One, via
http://lavistachurchofchrist.org/Pictures/Standard%20Bible%20Story%20Readers,%20Book%20One/target0.html

Sagutin ang mga sumusunod:

1. Tungkol saan ang tula?

   ______________________________

2. Ayon sa tulang binasa, ano-anong mga bagay ang dapat nating ipagpasalamat sa Diyos?

   ______________________________

3. Sa anong paraan natin masusuklian ang kabutihan ng Diyos?

   ______________________________

4. Bakit kailangan nating pasalamatan ang Diyos? Nagawa mo rin bang magpasalamat? Paano?

   ______________________________



## Suriin

### Tandaan

Sa lahat ng mga bagay na tinatanggap natin at patuloy pa nating tatanggapin mula sa nag-iisang Diyos, dapat lamang na pahahalagahan ang mga ito sa pamamagitan ng taos- pusong pagpapasalamat at pagpupuri.

**Bakit kailangang magpasalamat sa Diyos?** Maraming mga dahilan kung bakit kailangan nating magpasalamat sa Diyos. Una, ito ay pagtanaw sa kabutihan ng Diyos para sa ating lahat. Ikalawa, ang mga biyayang tinatanggap natin tulad ng buhay, hangin, kapaligiran, kalusugan at iba pang bagay ay nagmumula sa Kanya. Lahat ng mga bagay na ito ay patuloy nating tinatamasa, kaya naman marapat lamang na Siya ay pasalamatan at papurihan. Gayundin naman, hindi ba't dapat ding ipagpasalamat ang bawat araw na idinadagdag ng Diyos sa ating buhay? Ang buhay at ang kalakasan natin ay nagmula din sa Diyos.

Ang pagbibigay halaga natin sa lahat ng mga biyaya at kabutihan ng Diyos na patuloy nating tinatanggap ay tanda at pagpapakita ng ating taos-pusong pasasalamat sa Kanya.

Ang naghahandog ng pasasalamat ay nagagawang luwalhatiin ang Diyos. Ibig sabihin, kapag naghandog tayo ng pagpapasalamat sa Diyos, nabibigyan natin Siya ng kagalakan, natutuwa Siya sa atin na makitang ang Kaniyang mga lingkod ay marunong tumanaw sa lawak ng Kaniyang kabutihan at kagandahang loob.



## Pagyamanin

**Panuto:** Tingnang mabuti ang mga larawan. Sa tapat nito, isulat kung paano mo ito pinapahalagahan at pinasasalamatan sa Diyos.

1. 

By Keith Weller, USDA ARS - This image was released by the Agricultural Research Service, the research agency of the United States Department of Agriculture, with the ID K3839-3 (next)., Public Domain, https://commons.wikimedia.org/w/index.php?curid=25115238

2. 

By Crossroadsphototeam - Family Photos May 2014-0089, CC BY 2.0,
https://commons.wikimedia.org/w/index.php?curid=74011469

3. 

By Joven Christian B. Jacolbia - Sariling gawa, CC BY-SA 3.0,
https://commons.wikimedia.org/w/index.php?curid=26343256

4. 

By Pratheep P S, www.pratheep.con
https://commons.wikimedia.org/w/index.php?curid=47450423

5. 

By Jessie Eastland - Own work, CC BY-SA 4.0,
https://commons.wikimedia.org/w/index.php?curid=61912268



# Isaisip

**Panuto**: Sagutin ang tanong.

**Sa iyong palagay, bakit dapat nating bigyang halaga ang pagbibigay pasasalamat sa Diyos?**

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

**Rubrik saPagmamarka**

| **Mga Batayan** | **Antas ng Pagmamarka** | | |
|---|---|---|---|
| | **5** | **3** | **2** |
| 1. Nilalaman | Naipahayag sa talata ang opinion. | Hindi masyadong naipahayag ang opinion. | Malayo sa paksa ang nasulat na talata. |
| 2. Organisasyon | Mahusay ang pagkasulat ng talata.<br>Nagkasunod-sunod ang mga ideya. May panimula, katawan at konklusyon. | Maayos ang pagkasulat, may panimula at konklusyon. | Hindi maayos ang pagkasulat ng talata. Walang panimula, katawan at konklusyon. |



# Isagawa

**Panuto**: Sumulat ng isang liham at ipaabot ang iyong pasasalamat sa Diyos sa lahat ng mga biyayang binigay niya.

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

**Rubrik sa Pagmamarka**

| Mga Batayan | Antas ng Pagmamarka | | |
|---|---|---|---|
| | **5** | **3** | **2** |
| 1. Nilalaman | Lubusang naipapahayag ang pasasalamat at pagpapahalaga sa Diyos. | Hindi masyadong naipahayag pasasalamat at pagpapahalaga sa Diyos. | Malayo sa paksa ang nabuong liham. |
| 2. Organisasyon | Mahusay ang pagkasulat ng liham. Nagamit ng wasto ang mga salita, bantas, maliliit at malalaking titik. | Maayos ang pagkasulat, may ilang wastong salita ang nagamit at mga bantas. | Hindi maayos ang pagkasulat ng liham. |



# Tayahin

**Panuto:** Basahin at unawaing mabuti ang mga katanungan. Bilugan ang titik ng tamang sagot.

1. Ang mga bagay na dapat nating ipagpasalamat sa Diyos ay ___________.

A. Mga magagandang bagay lamang na nangyari sa iyong buhay.

B. Mga bagay na nakapagpapasaya sa iyo.

C. Mga bagay na di mo makakalimutan.

D. Lahat ng bagay malaki man ito o maliit, mabuti man ito o masama.

2. Ang mga sumusunod ay na sitwasyon ay nagpapakita ng pagpapasalamat sa Diyos **maliban sa isa**.

A. Si Kris na araw-araw nagpapasalamat sa Diyos sa buhay na mayroon siya kahit mulat siya sa hirap ng buhay.

B. Nagpapasalamat si Ana sa Panginoon sa ipinagkaloob niyang magandang kalusugan, buo at masayang pamilya.

C. Buong pasasalamat ang handog ni Jayson sa Diyos sa gabay na ibinigay Niya sa araw-araw na pangangasiwa sa maliit nilang negosyo.

D. Imbes na ipagpapasalamat ni John sa Diyos ang munting handan sa kanyang kaarawan ay puro negatibong pahayag ang lumalabas sa kanyang bibig.

3. Bilang isang batang iskawt na naniniwala sa salawikaing “Laging Handa” paano mo pahahalagahan at pasasalamatan ang mga biyaya ng Diyos?

A. Palaging maglalaro ng mga online games sa internet

B. Tutulong sa paglilinis at pag-aalaga ng kapaligiran

C. Sumali sa mga batang pasaway at nambubully

D. Bumili ng mga bagong laruan at gadgets

4. Alin sa palagay mo ang pinakamahalagang biyaya na ibinigay ng Diyos na dapat nating ipagpasalamat? Bakit?

A. Buhay, dahil walang kabuluhan ang lahat ng bagay kung wala ng buhay.

B.Magulang, dahil sila ang nag-aaruga at nagmamahal sa atin.

C. Pagkain, dahil ito ang nagpapalakas ng ating katawan.

D.Kaibigan, dahil sila ang kasama mo sa paglalaro at kasiyahan.

5. Sa Mario ay may malawak na sakahan ng palay. Dahil sa mahabang tagtuyot, nagkaroon lamang siya ng kaunting ani. Dapat ba siyang magpasalamat sa Diyos? Bakit?

A. Oo, dahil sa kabila ng nangyari ay biniyayaan pa siya ng ani.

B. Oo, para bigyan siya sa susunod ng malaking ani.

C. Hindi, dahil kunti lang ang ani ng sakahan.

D. Hindi, dahil luging-lugi siya sa kaunting ani na mayroon siya.



## Karagdagang Gawain

**Panuto:** Magtala ng **5** mahalagang biyaya na iyong natanggap na labis mong pinasasalamatan sa Diyos. Isulat sa bilog ang sagot.



## Sanggunian

Peralta, Gloria A. EdD at Zenaida R. Ylarde. Ugaling Pilipino sa Makabagong Panahon. Quezon City: Vibal Group Inc. 2016

By JustMEinT Musings | Published December 23, 2012 |Full size is × pixels https://justmeintchristian.wordpress.com/2012/12/23/not-only-christmas-day/praying_hands/

Illustrated by O.A. Stemler Jesus with Children Standard Bible Story Readers Book One, via http://lavistachurchofchrist.org/Pictures/Standard%20Bible%20Story%20Readers,%20Book%20One/target0.html

By Keith Weller, USDA ARS - This image was released by the Agricultural Research Service, the research agency of the United States Department of Agriculture, with the ID K3839-3 (next)., Public Domain, https://commons.wikimedia.org/w/index.php?curid=25115238

By Crossroadsphototeam - Family Photos May 2014-0089, CC BY 2.0, https://commons.wikimedia.org/w/index.php?curid=74011469

By Joven Christian B. Jacolbia - Sariling gawa, CC BY-SA 3.0, https://commons.wikimedia.org/w/index.php?curid=26343256

By Pratheep P S, www.pratheep.com, CC BY-SA 3.0, https://commons.wikimedia.org/w/index.php?curid=47450423

By Jessie Eastland - Own work, CC BY-SA 4.0, https://commons.wikimedia.org/w/index.php?curid=61912268

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

**Manunulat:**

Anabel Lupranco Kimos
Teacher-II
Lagting Elementary School
Field Office of Siay
Division of Zamboanga Sibugay

Editors: Ma. Lilia E. Fernandez
Randolf D. Morada
Maricris T. Pantollana

Tagasuri: Maricel L. Tercio
Arniel H. Ancheta

Tagapamahala:

Mona Lisa M. Babiera, Ed.D - EPS
*Education Program Supervisor*

Evelyn F. Importante
*OIC-CID Chief EPS*

Aurelio A.Santisas
O*IC-Assistant Schools Division Superintendent*

Jerry C. Bokingkito
O*IC-Assistant Schools Division Superintendent*

Jeanelyn A. Aleman, CESO VI
*OIC-Schools Division Superintendent*